Numero ng Kaso: _____

PROGRAMA NG SERBISYONG PANTAGUYOD SA LOOB NG TAHANAN (IHSS) KINAKAILANGAN SA LABIS NA ORAS NG TRABAHO AT LINGGUHANG TRABAHO PAHAYAG NG TAGATANGGAP

Ang dokumentong ito ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga kinakailangan sa labis na oras ng trabaho at lingguhang trabahao bilang ipinag-uutos ng batas ng estado (Kodigo ng Kagalingan at Institusyon mga seksiyon 12300.4 at 12301.1) para sa programa ng IHSS. Dapat kong basahin ang impormasyon at pirmahan ang pormularyong ito upang ipakita na nauunawaan ko at sumasang-ayon na sundin ang mga kinakailangang ito.

- Sa ilalim ng batas ng estado, ang pinakamataas na bilang ng oras na maaaring magtrabaho ang isang tagabigay ng IHSS sa isang lingguhang trabaho na nagbibigay ng pinahintulutang serbisyo ay ang pinakamataas na lingguhang oras. Ang aking kabuuang buwanang pinahintulutang oras ay hahatiin na ngayon sa 4 upang matukoy ang aking pinakamataas na lingguhang oras. Ang lingguhang trabaho ay nagsisimula sa 12:00 a.m. (hatinggabi) ng Linggo at magtatapos sa 11:59 p.m. sa susunod na Sabado.

- Maaari kong pahintulutan ang aking tagabigay na ayusin ang kanyang iskedyul upang magtrabaho ng higit sa kanyang normal na oras ng trabaho sa isang linggo <u>na hindi hihiling sa county ng pag-apruba</u> hangga't ito ay hindi nagbubunga sa aking tagabigay na:

  1. Magtrabaho ng mas maraming labis na oras sa isang buwan kaysa sa kanyang normal na pagtatrabaho;

  2. Magtrabaho ng higit sa 40 oras sa isang lingguhang trabaho kung ang pinakamataas na lingguhang oras ay 40 oras o mas mababa sa isang lingguhang trabaho; at

  3. Magtrabaho ng higit sa 66 na oras sa isang lingguhang trabaho kung ang aking tagabigay ay nagtatrabaho para sa maramihang tagatanggap.

- Sa bawat oras na gumawa ang aking tagabigay ng alinman sa mga sumusunod, siya ay makakakuha ng isang paglabag:

  1. Ako lamang ang binibigyan ng serbisyo ng aking tagabigay at nagtatrabaho para sa akin ng higit sa 40 oras sa isang lingguhang trabaho na hindi kumukuha ng pag-apruba mula sa county kapag ang aking pinakamataas na lingguhang oras ay 40 oras o mas mababa bawat lingguhang trabaho;

  2. Ang aking tagabigay ay may higit sa isang tagatanggap, at siya ay nagtatrabaho ng higit sa 66 na oras sa isang lingguhang trabaho;

Numero ng Kaso: _____

3. Ang aking tagabigay ay nagtatrabaho para sa akin ng mas maraming oras kaysa sa aking pinakamataas na lingguhang oras sa isang lingguhang trabaho ng hindi kumukuha ng pag-apruba mula sa county, na nagiging sanhi ng mas maraming labis na oras ng trabaho sa isang buwan kaysa sa normal; o

4. Ang ipinahayag na oras ng paglalakbay ng aking tagabigay ay higit sa pitong oras sa isang lingguhang trabaho.

- Minsan maaari kong kailanganin ang aking tagabigay na magtrabaho ng higit sa aking pinakamataas na lingguhang oras. Dapat akong humiling sa county ng pag-apruba upang ayusin ang aking pinakamataas na lingguhang oras; kahit na naaprubahan ng county ang aking kahilingan para sa isang eksepsiyon, kailangan kong pagtrabahuhin ang aking tagabigay ng mas mababang oras sa susunod na (mga) lingguhang trabaho sa buwan na iyon nang sa gayon ay hindi ako lumampas sa aking pinahintulutang buwanang oras. Ang county ay magpapadala sa akin ng isang paunawa upang ipaalam sa akin kung ang aking kahilingan sa eksepsiyon ay naaprubahan o tinanggihan.

- Ang county ay magpapadala sa akin ng isang paunawa kung ang aking tagabigay ay nakakuha ng isang paglabag. Kung ang aking tagabigay ay makakakuha ng tatlong paglabag, siya ay masususpinde sa pagbibigay ng IHSS para sa tatlong buwan. Kung siya ay makakakuha ng isa pang paglabag matapos na mabalik mula sa tatlong buwang pagkakasuspinde, siya ay mahihinto ng isang taon bilang isang tagabigay.

PAGPAPATUNAY NG TAGATANGGAP

Nauunawaan ko at sumasang-ayon na sundin ang lahat ng mga kinakailangan na nakalista sa pormularyong ito.

LAGDA NG TAGATANGGAP:	PETSA:

NAKALIMBAG NA PANGALAN NG TAGATANGGAP:

LAGDA NG PINAHINTULUTANG KINATAWAN:	PETSA:

NAKALIMBAG NA PANGALAN NG PINAHINTULUTANG KINATAWAN:

COUNTY LAMANG ANG GAGAMIT

WORKER NAME:	DATE: